



Hulyo 2019

PRAYMER

Tatlong taon ni Duterte: Ang sumasahol na kalagayan

N akatatlong taon na ang gobyernong Duterte. Bumabagal na ang takbo ng ekonomiya, tuloy-tuloy ang pagkasalanta ng kabuhayan ng mamamayan dulot ng neoliberal na mga polisiya, habang papalaki ang ganansya ng iilan.

Labis na sinunod ng gobyerno ang kapritso ng merkado, gayundin ang dikta ng malalakas na ekonomiya gaya ng US at China. Kasama ng kanilang mga lokal na kasapakat, kabilang ang mga oligarkiya sa ekonomiya at mismong pamahalaan, labis na pinagtubuan ng mga dayuhang namumuhunan at imperyalistang bansa ang lahat ng aspeto ng buhay ng mamamayan.

•114 Timog Avenue,
Quezon City,
1103 Philippines
Tels. +63 2 927 7060 to 61
Fax +63 2 929 2496
www.ibon.org

Sa kabilang banda, nakikinabang sa ganitong kaayusan si Duterte. Nakaayon ito sa kanyang interes na manatili sa poder. Naging malinaw ito sa nakalipas na tatlong taon sa paggamit ni Duterte ng mekanismo ng batas hanggang dahas para itulak ang kanyang mga interes.

Ang atakeng pang-ekonomiya, pagdausdos ng demokrasya, at malawakang pagyurak sa karapatang pantao sa nakalipas ng tatlong taon ay lalo lamang nagreresulta sa paglakas ng pagkakaisa ng mamamayan upang labanan ang maling sistema. At ito ang kinatakatutan ni Duterte – ang nagkakaisang lakas ng mamamayan para panagutin siya at ang kanyang rehimen sa kanilang mga krimen sa sambayanan.

1 Umunlad ba ang ekonomiya ng Pilipinas sa tatlong taon ni Duterte, katulad ng kanyang ipinangako?

Hindi. Katunayan, tuloy-tuloy ang pagbagal ng ekonomiya. Sa unang 11 kwarto ng administrasyon, mula 7.1% paglago noong pangatlong kwarto ng 2016, bumagal ito sa 5.6% nitong unang kwarto ng 2019. May panandaliang 7.2% paglago noong ikatlong kwarto ng 2017, subalit bumagal na mula noon.

Ang 5.6% paglago sa unang kwarto ng 2019 ang siya nang pinakamabagal mula noong 2016 nang manungkulan si Duterte, at pinakamabagal matapos ang 5.1% paglago noong ikatlong kwarto ng 2015. Pumapantay lamang ito sa naitalang 5.6% noong unang kwarto ng 2014 matapos ang pananalanta ng bagyong Yolanda.

Walang katulad na kalamidad ang nagaganap sa ngayon subalit kapansin-pansin ang patuloy na pagbagal ng ekonomiya mula 6.9% sa pagtatapos ng 2016 tungong 6.2% sa pagtatapos ng 2018. Lumalabas, mag-iisang dekada na rin na hindi nasustine ng ekonomiya ang pinakamabilis na 7.6% paglago nito noong 2010.

Higit na nakababahala ang pagdausdos ng mga produktibong sektor – ang agrikultura at manupaktura. Ito ang pinakamahahalagang pundasyon ng lokal na ekonomiya, sapagkat sa kanila maaasahan ang paglikha ng mga bagong produkto, at sa ganon, ng mas makabuluhang trabaho at kabuhayan.

Halos hindi umusad ang agrikultura sa naitala nitong 0.8% nitong unang kwarto ng 2019, mas mabagal pa sa 0.9% sa parehong panahon noong 2014.

Madalas idahilan ng gobyerno ang mga bagyo o tagtuyot sa mababang produksyon ng sektor ng agrikultura. Subalit ang kapansin-pansin, umabot na lamang ng 1.5% ang taunang abereyds na paglago ng agrikultura noong 2011-2018, malaking paghina mula sa taunang abereyds na 3.5% noong 1999-2010. Sa madaling salita, lubog sa krisis ang sektor at hindi na maipapaliwanag ito sa simpleng paninisi sa lagay ng panahon.

Umaabot na lang ng 8.1% ang bahagi ng agrikultura sa *gross domestic product* (GDP), ang panukat sa kabuuang produksyon ng ekonomiya, nitong 2018. Ito na ang pinakamaliit na bahagi ng agrikultura sa GDP sa buong kasaysayan ng bansa. Nasa 9.5% pa ito noong 2015 lamang, subalit tuloy-tuloy ang pagdausdos nito.

May 376,000 trabaho sa agrikultura ang nawala nitong unang kwarto ng 2019. Walang humpay ang pagkawala ng mga trabaho sa sektor, na umabot sa walang katulad na antas na 1.1 milyon noong 2016-2018. Dati naman nang dinudugo ang sektor – 749,000 trabaho ang nalagas noong 2009-2015 – subalit ngayon lang lumampas ng isang milyon ang nawalang trabaho.

Hinahambalos ang agrikultura ng kapalpakan ng reporma sa lupa ng mga nagdaang administrasyon. Subalit di-hamak na pinalala ito ng gobyernong Duterte sa pagsasa-ligal pa ng *land conversion*, pagprayoratisa sa *infrastructure projects* sa ilalim ng programang Build, Build, Build (BBB) maski pa ang mga ito ay sasagasa sa mga lupang agrikultural, at pagsasabatas ng liberalisasyon ng importasyon ng bigas, pagkain at iba pang produktong agrikultural. Humahagupit rin ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin, partikular pa ang *inputs* sa agrikultura habang lalong bumababa ang presyo ng produkto ng mga magsasaka bilang epekto ng liberalisasyon.

Malaking dagok rin ang pagbaba ng gobyernong Duterte sa dati nang mababang badyet para sa sektor, mula Php50.7 bilyon noong 2018 tungong Php47.3 bilyon ngayong 2019. Ang gobyernong Duterte na ang may pinakamababang pagpapahalaga sa sektor – ang taunang badyet sa ilalim ni Arroyo (2001-2010) ay 4.7% ng kabuuan; 4.2% sa ilalim ni Aquino (2011-2016);

3.6% sa ilalim ni Duterte (2017-2019). Maski ang badyet para sa irigasyon ay mukhang bumaba rin mula Php41.7 bilyon noong 2018 (*obligation-based*) tungong Php36.1 bilyon ngayong 2019 (*cash-based*). Binabale-wala rin nito ang inaasahan sanang ganansya mula sa Free Irrigation Law (Republic Act o RA 10969).

Gayundin ang manupaktura na produktibong sektor ng industriya ay tuloy-tuloy ang pagbagal – mula 8% na paglago sa unang kwarto ng 2016, tungong 7.7% sa parehong panahon noong 2017, 7.3% noong 2018, at 4.6% na lamang sa unang kwarto ng 2019. Ang naitalang bahagi nito sa GDP na 23.3% noong 2018 ay sobrang nipis na sa loob ng 50 taon.

Kahit sabihin pa na namantine ang 6.8% taunang abereyds na paglago ng sektor mula 2011 hanggang 2018 kumpara sa 3.8% sa halos buong dekada ng 2000s, nanatili pa rin itong matamlay kumpara sa mga ekonomiya sa Asya, katulad ng sa Laos, Cambodia, Myanmar at Vietnam.

Batay sa bilang ng mga empresa, ang manupaktura sa bansa ay 98% maliitan. Salamin ito ng pagkabansot at pagkabulnerable ng produksyon ng bansa. Napakababa rin ng *value-added* ng manupaktura. Kalakhan ng masasabing manupakturang Pilipino ay nasa pagkain at inumin at iba pang produktong konsyumer sa napakababang teknolohiya. Ang *high-end* naman (o kadalasan ay *assembly* o *semi-processing*) ay hawak ng mga dayuhang nagmamanupaktura, katulad ng elektroniks, makinarya, kagamitan, at iba pang *capital goods*.

Mahalagang obserbasyon na ang sinasabing manupakturang Pilipino ay maaaring bilang *subcontractor* lamang ng dayuhang kapitalista para sa pandaigdigang linya ng produksyon o yaong tinatawag na *global value chains* (GVC). Samantala, ang mga dayuhang manupaktura sa Pilipinas naman ay ginagamit lamang ang bansa bilang lokasyon para sa GVC, na may bentaha ng murang lakas-paggawa at hilaw na materyales at mapagbigay na mga insentiba sa dayuhan.

Sa pananalasa ng halos apat na dekada ng patakarang neoliberal sa ekonomiya, ang dayuhang kapital sa ngayon ay mataas na rin sa manupaktura mismo ng mga produktong konsyumer, bukod pa sa pagiging

dominante nito sa mga engklabo ng mababang value-added na manupaktura ng *exports*. Noong 2017, kontrolado ng mga *transnational corporations* (TNCs) ang 58.6% ng kabuuang kita sa manupaktura. Wala pa ring masasabing totoong Pilipino na industriya ng capital goods o maski ng mga batayang pangangailangan. Ang maliliit na negosyanteng Pilipino ay naiitsa-pwera.

Walang binago ang gobyernong Duterte sa ganitong kaayusan. Ang pagpapatuloy niya ng mga patakarang neoliberal, partikular ang pagsandig sa walang-sagkang dayuhang pamumuhunan o *foreign direct investment* (FDI), liberalisasyon ng importasyon ng mga produktong manupaktura, at pag-alis ng regulasyon ng pamahalaan sa sektor kasama ang proteksyon sana sa mga industriyang Pilipino, ang nagpapadausdos sa sektor.

Walang ambisyon ang pamahalaan na linangin ito bilang tagapagtulak ng industriyalisasyon. Sa halip, binibigyan ng pamahalaang Duterte ng mga insentiba, katulad ng mababa o walang buwis, ang mga dayuhang namumuhunan at TNCs at ang mga lokal na korporasyon na nakatali sa kapital o produksyon ng mga TNCs. Kasama bilang insentiba o pang-engganyo sa kanila ang walang-limitasyong paggamit ng likas-yaman at murang lakas-paggawa. Isa na sa mga pang-akit na itinulak ng gobyernong Duterte ang reporma sa pagbubuwis na pumapabor sa malalaking korporasyon, lokal man o dayuhan. Itinulak din ng National Economic and Development Authority (NEDA) ang 11th Foreign Investment Negative List (FINL), o yaong pag-amyenda sa listahan ng mga sektor na bawal pasukin ng FDI.

Sa kabila ng labis na pang-aakit ng gobyerno sa FDI at TNC sa manupaktura, nakalikha ng 221,000 trabaho lamang ang sektor noong 2016-2018. Sa katunayan, may 101,000 pa ngang trabaho sa manupaktura ang nawala sa unang kwarto ng 2019. Taliwas na taliwas ito sa ipinapangako ng pamahalaan na ang pagbubukas sa FDI laluna sa manupaktura ay lilikha ng substansyal na bilang ng trabaho.

2 Saan umaasa ang gobyernong Duterte para bumilis ang humihinang ekonomiya ng bansa?

Walang lokal na pundasyon ang ekonomiya para sa isang sustenidong paglago, at lalong wala para sa tunay na pag-unlad. Sa nagdaang tatlong taon, itinuloy

lamang ng gobyernong Duterte ang mga nagdaang patakarang neoliberal sa ekonomiya, at lalo pang pinatindi ang mga ito mismo sa agrikultura at manupaktura. Ang pagpasa ng mga batas sa liberalisasyon ng bigas, regresibong pagbubuwis at 11th FINL ay matitinding dagok sa napakahina nang base ng produksyon ng bansa.

Sa halip na maglatag ng pundasyon para sa pag-unlad, ipinagpatuloy ng administrasyong Duterte ang pag-asa sa *real estate* at konstruksyon na itutulak ng mababang *interest rates*, demand ng *business process outsourcing* (BPO) at remitans ng *overseas Filipino workers* o OFW. Subalit bukod sa mabuway at di-sustainable ang mga ito na pagkukunan ng paglago, humihina na ang mga ito sa pagtatapos ng dekada ng 2010s.

Ang mababang *interest rates* sa pagpapautang na tinamasa ng ekonomiya pagkatapos ng pandaigdigang krisis sa pinansya at ekonomiya noong 2008-2009 ay nagsimulang tumaas noong 2016 at matarik na umakyat noong 2017. Mula 2016 tungong Abril 2019, ang *bank average lending rate* ay tumaas mula 5.6% tungong 7.2%; ang overnight borrowing rate ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ay mula 3.4% tungong 4.8%; at ang *interbank call loan rates* ay tumaas mula 2.5% tungong 5.2%. Ibig sabihin ng mga ito, nagmahal ang pangungutang na nakapagpabalang sa *real estate*, konstruksyon at iba pang aktibidad. Ang pautang ng mga bangko ay lumago nang 14.6% lamang noong 2018, mas mababa sa 17.3% na paglago noong 2017.

Ang BPO naman ay lumago nang 6% lamang noong 2018. Mas mababa pa ito sa mababa nang tantya mismo ng Information Technology and Business Process Association of the Philippines (IBPAP) na 9% na paglago sana hanggang 2022. Sobrang bumabagal na ang sektor – ang taunang paglago nito noong 2005-2009 ay 43%, bagsak sa 15% noong 2010-2016 matapos ang 2008-2009 krisis, at taunang 2.7% na lamang noong 2017-2018.

Gayundin ang kaganapan sa remitans ng OFW. Nagsimulang bumagal ang paglago nito noong 2008-2009, kasabay ng pagputok ng pandaigdigang krisis sa pinansya at ekonomiya. Mula sa taunang abereyds na paglago na 15.5% noong 2002-2008, bumabagal ito sa 6.4% simula 2010 hanggang 2016 at sa 3.7% noong 2017-2018. Ang paglago ng remitans ng OFW noong 2018 na 3.1% ay siya nang pinakamabagal mula 2002.

Ang mga nabanggit na kaganapan ay hindi naman biglaang nangyari. Mahuhulaan ito sa pangkalahatang bagal ng rekoberi ng pandaigdigang ekonomiya na kung saan nakaasa ang gobyerno ng Pilipinas. Kaya lang, imbes na paghandaan ng gobyernong Duterte ang singkronisadong pagbagsak ng global na ekonomiya sa pamamagitan ng pagpokus sa mas pundamental na pagpapalakas ng lokal na ekonomiya, pumaling ito sa mas agresibong konstruksyon ng imprastruktura sa programa ng BBB.

May 75 *flagship projects* na nagkakahalaga ng Php2.2 trilyon. Kasama ito sa mahigit 8,000 mga proyekto sa imprastruktura na nasa listahan ng gobyernong Duterte.

Lubhang tumaas ang gastusin ng gobyerno para sa imprastruktura mula taunang Php291.7 bilyon noong 2011-2016, o 14.6% ng kabuuang gastusin nito, tungong Php686.2 bilyon noong 2017-2018, o 22% ng kabuuang gastusin.

Umaabot na rin ang paggastos ng pamahalaan para sa imprastruktura sa katumbas na 4.2% ng GDP sa unang kwarto ng 2019. Dati lamang taunang 2.6% ng GDP ito noong 2011-2016, na pumalo sa taunang 4.8% ng GDP noong 2017-2018. Mahalagang salik ito sa pagtulak ng konstruksyon mula sa 5.3% paglago noong 2017 tungong 15.9% noong 2018.

May batayang problema ang pagsandig sa pagpapaunlad ng imprastruktura lamang para imantine ang mababaw at panandaliang paglago ng ekonomiya sa nakaraan. Una, ang BBB ni Duterte ay lumilikha ng trabahong panandalian lang din dahil hindi ito nakabatay sa balangkas ng pagpapalakas ng agrikultura, pag-unlad ng kanayunan, at pambansang industrialisasyon. Pangalawa, pinapalala ang pundamental na kakulangan nito ang kawalan ng lokal na ekonomiya ng kapasidad na suportahan ang konstruksyon. Wala ring masiglang aktibidad ang ekonomiya bilang panimula para masabing kapaki-pakinabang ang mga itatayong imprastruktura.

Sa katunayan pa nga, mabilis na tumaas ang importasyon ng bansa nitong nagdaang tatlong taon dahil sa pagtaas ng importasyon ng mga materyales para sa konstruksyon. Halimbawa, lumaki nang 41.7% ang importasyon ng asero at bakal mula 2017 tungong 2018.

Pangatlo, ang BBB ay hindi para sa pagpapaunlad ng ekonomiya kundi para sa mas madaling paggalaw ng dayuhang negosyo at pamumuhunan. Mahigit kalahati ng gastusin sa imprastruktura ay para sa mga kalsada. Samantala, 54 sa 75 flagship projects ay para sa transportasyon, na ang 69% ng kabuuang halaga ay nakasentro sa National Capital Region (NCR), kabuuang Luzon, at ang mas abanteng mga rehiyon ng Central Luzon at Southern Tagalog. Noong 2016-2017 naman, ang pinakamalaking gastusin para sa imprastruktura (o 14.1% ng kabuuan) ay nasa sariling rehiyon ni Duterte – ang Davao Region o Region XI.

Pang-apat, ang BBB ni Duterte ay mas matindi sa *public-private partnership* (PPP) ng nagdaang administrasyon sa usapin ng pagpapataas ng gastusin sa bahagi ng pamahalaan. Patakaran ng gobyernong Duterte na akuin ang pagpapatayo ng imprastruktura, di-tulad ng nakaraan kung saan ang pribadong sektor ang nagtatayo at nag-oopereyt ng pasilidad at ibabalik na lamang ito sa publikong sektor makalipas ang mahabang panahon.

Ang problema, ipinangungutang ng gobyernong Duterte ang pagpapatayo ng imprastruktura dahil sa kawalan ng pamahalaan ng pondo para pangunahan ang imprastruktura. Walang nalilikom na sapat na kita ang gobyernong Duterte mula sa mayayaman, korporasyon o sarili man nitong mga mapagkakakitaan (kung mayroon pa) dahil sa mga patakaran ng liberalisasyon at pribatisasyon at dahil sa matinding korupsiyon. Sa halip, pinapatawan ang mamamayan ng mga regresibong buwis para pambayad-utang. Sa huli pa ay sisingilin din ang publiko para sa paggamit ng mga imprastrukturang ito.

Sa nabanggit na Php2.2 trilyon na halaga ng mga proyekto, 91% ay utangin bilang *official development assistance* (ODA) – kalahati mula sa Japan, 15% mula sa China, at ang iba ay mula sa iba pang bansa katulad ng Korea at multilateral na mga institusyon katulad ng Asian Development Bank (ADB) at World Bank. Samantala, halos tatlong beses ang pagtaas ng badyet para sa imprastruktura sa ilalim ni Duterte katulad ng nabanggit. .

Umabot na ng Php7.9 trilyon ang utang ng pamahalaan noong Mayo 2019. Tumaas ito nang 15.8% mula sa Php6.8 trilyon noong Mayo ng nakaraang taon. Sa loob ng walong taon, ngayon lang tumaas ang utang ng pamahalaan

nang mahigit 10 porsyento. Naungusan din ng gobyernong Duterte ang administrasyong Arroyo at Aquino sa bilis ng pangungutang kada buwan, sa halagang Php56 bilyon kumpara sa Php21 bilyon ni Arroyo at Php19 bilyon ni Aquino. Ang bawat Pilipino sa ngayon ay may pagkakautang na Php73,672, na Php57,946 lamang sa simula ng panunungkulan ni Duterte.

3 Ano ang kalagayang pangkabuhayan ng mamamayan sa tatlong taong ito?

Lalong sumahol ang kalagayang pangkabuhayan ng mamamayan. Naranasan sa ilalim ng administrasyong Duterte ang papalalang krisis sa trabaho na makikita sa historikong kahinaan ng ekonomiya na lumikha ng trabaho, mataas na bilang ng walang trabaho, at mababang kalidad ng trabaho kung mayroon man.

Nananatili ring napakababa ng sahod ng mga manggagawa, at sa kabila ng ipinagmamalaki ng gobyerno na pagbagal ng tantos ng pagtaas ng presyo ng bilihin o *inflation rate*, hindi pa rin signipikante ang pagbaba ng presyo ng mga bilihin para sa masang anakpawis. Nananatiling kapos ang sahod ng karaniwang manggagawa para tustusan ang pangangailangan ng kanyang pamilya sa araw-araw.

Tumitindi ang pasakit na pinapasan ng mamamayan sa ilalim ng gobyernong Duterte. Subalit ikinukubli ng mga metodolohiya sa estadistika ng pamahalaan ang tunay na kalagayan ng kawalan ng trabaho at kahirapan sa bansa. Natatabingan nito ang kapalpakan ng mga patakarang neoliberal na ipinapatupad ng pamahalaan.

Makikita ang krisis sa trabaho sa bansa sa mahinang paglikha ng ekonomiya ng bagong trabaho, dahil sa nabanggit nang pagdausdos ng mga produktibong sektor. Nakababahala ang rekord ng gobyernong Duterte sa usaping ito, na nagtala ng pinakamababang nalikhang bagong trabaho sa kasaysayan matapos ang diktadurang Marcos.

Pinakamababa sa nakalipas na anim na dekada at siyam na administrasyon ang 0.2% taunang pangkaraniwang tantos ng paglago ng empleyo na naitala sa unang dalawang taon ni Duterte. Mula noong administrasyon ni Diosdado

Macapagal, nasa 1.6% hanggang 3.9% taunang abereyds ang tantos ng paglago ng empleyo ang naitala.

Batay sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), ang taunang abereyds na dami ng nalikhang trabaho sa ilalim ng panunungkulan ni Duterte ay nasa 81,000 lamang para sa mga taong 2017 at 2018. Pinakamababa ito kumpara sa unang dalawang taon ng mga administrasyon pagkatapos ni Marcos.

Kapansin-pansin ang pagkawala ng trabaho sa mga sektor ng produksyon. Pinakamalalang naapektuhan sa loob ng tatlong taon ang sektor ng agrikultura na mula sa 11.1 milyong trabaho noong 2016 ay nawalan ng 1.1 milyong trabaho noong 2018 at nakapagtala na lamang ng 10 milyong trabaho.

Nagpapatuloy ang ganitong kalagayan sa pinakahuling datos nitong Abril 2019 kung saan nawalan muli ng 376,000 trabaho sa agrikultura kumpara sa parehong panahon noong 2018.

Gayundin sa manupaktura, bumagsak nang 101,000 ang trabaho noong Abril 2019 kumpara sa Abril 2018. Huling nangyari ang ganitong kalaking pagkawala ng trabaho sa sektor noong nawala ang 190,000 trabaho noong 2008, taon ng pagsambulat ng pandaigdigang krisis sa pinansya at ekonomiya. At sa kabila ng programa ng pamahalaan para diumano pasiglahin muli ang manupaktura sa bansa, nasa 221,000 lamang ang bagong trabahong nalikha sa sektor mula 2016 tungong 2018.

Ang malaking bilang ng trabahong nalikha ay sa sektor ng serbisyo. Kung ikukumpara ang 2016 at 2018, halos tatlong beses ang itinaas ng trabaho sa sektor ng serbisyo kumpara sa sektor ng manupaktura. Noong 2016-2018, ang pinakamaraming trabahong nalikha ay nasa konstruksyon (487,000) at *public administration, defense and social security* (364,000) o ang mismong pag-empLOYE ng gobyerno ng dagdag na kawani at mga pulis.

Mula Abril 2018, nadagdagan ang mga sumusunod nitong Abril 2019: kalakalan (648,000) at transportasyon (380,000) na kilala sa di-pormal na trabaho, sinusundan pa rin ng pagtaas pa sa *public administration, defense and social security* (295,000).

Mahalaga ang paglikha ng trabaho para makinabang ang mamamayan sa pamamamagitan ng pagkakaroon ng kita. Ang pundamental na sektor ng produksyon – agrikultura at manupaktura – ang susi para makalikha ang ekonomiya ng mas marami at mas estableng trabaho para sa mamamayan. Ngunit hindi nakatuon sa pagpapalakas ng sektor ng produksyon ang pangkalahatang patakaran at programa ng gobyernong Duterte. Sumunod lamang ito sa dati nang agos tungong neoliberalismo at nagpatuloy ang oryentasyong pang-serbisyo ng ekonomiya – serbisyo sa negosyo ng dayuhan at malalaking lokal na oligarkiya, habang sadyang tinatalikuran ang pagpapalakas sa lokal na agrikulutra at pambansang industriya.

Malawakan ang kawalan ng trabaho. Kung tapat na bibilangin ang mga walang trabaho sa bansa, makikita ang tuloy-tuloy na pagdami ng mga Pilipinong walang trabaho. Batay sa taya ng IBON, mula sa 4.0 milyong walang trabaho noong 2016, tumaas ito sa sa 4.7 milyon noong 2018 – pinakamataas ito sa kasaysayan.

Taliwas ito sa opisyal na datos ng gobyerno. Ayon sa PSA, mula sa 2.4 milyong walang trabaho noong 2016 at 2017, bumaba ito sa 2.3 milyon noong 2018. Subalit ang datos ng PSA ay batay sa binagong metodolohiya noong 2005 kung saan hindi na isinasama bilang bahagi ng pwersa ng paggawa yaong populasyon edad 15 pataas na hindi aktibong naghahanap ng trabaho at hindi agarang maaaring magtrabaho sa panahon ng sarbey ng pamahalaan sa paggawa. Kabilang sa mga nawala sa pwersa ng paggawa o yaong *not in the labor force* ay ang mga kabataang kinailangang manatili sa paaralan dahil sa implementasyon ng programang *senior high school*, mga Pilipinong edad 15 pataas na hindi agarang maaaring magtrabaho, at ang *discouraged workers* na hindi aktibong naghahanap ng trabaho sa nakalipas na anim na buwan.

Sa dating depinisyon, kabilang ang mga ito sa pwersa ng paggawa at kung gayon ay itinatala bilang bahagi ng populasyong walang trabaho dahil kung tutuusin ay wala naman talaga silang trabaho. Ang dating depinisyong ito ang naging batayan ng taya ng IBON para patuloy na bilangin ang milyon-milyong Pilipinong inihanay na lamang ng pamahalaan bilang *discouraged workers* at para mas mapaghambing ang historikal na datos at nang maipakita ang tunay na takbo ng disempleyo sa bansa.

Dahil dito mas mababa ang *labor force participation rate* sa opisyal na datos ng pamahalaan na 60.9% noong 2018 kumpara sa 64.2% kung gagamitin ang lumang depinisyon. Mas mababa rin ng 4.8 puntos ang tantos ng mga walang trabaho sa tala ng PSA na 5.3% sa 10.1% tantos ng kawalan ng trabaho gamit ang lumang depinisyon. Ibig sabihin noong 2018, 4.7 milyong Pilipino ang walang trabaho.

Sa mga may trabaho naman sa bansa, mataas pa rin ang bilang ng nasa mababang kalidad ng trabaho. Noong 2018, nasa 6.7 milyon ang *underemployed* o yaong mga manggagawang nagtrabaho nang mas maiksi sa 40 oras kada linggo at naghahanap pa rin ng dagdag o ibang trabaho.

Malaganap pa rin ang kontraktwalisasyon. Noong nakaraang taon, 8.5 milyong manggagawa sa mga pribadong kompanya ang hindi regular o kaya naman ay nakapailalim sa isang *agency*. Maging sa loob ng pamahalaan ay may malaking bilang ng mga manggagawang di-regular, halos 1 milyon o 985,000 manggagawa sa iba't ibang sangay ng pamahalaan.

Sa kabuuan, mayroong 27.8 milyong manggagawang Pilipino ang nasa impormal na empleyo, di-regular, o nakapailalim sa isang *agency*. Katumbas nito ang 65.9% ng bilang ng may trabaho o *employed* noong Abril 2019.

Bukod sa mababang sahod, karaniwan sa mga manggagawang ito ay hindi nagtatamasa ng kanilang mga karapatan gaya ng pag-uunyon, kaseguruhan sa trabaho, mga benepisyo, katiyakan ng kanilang kaligtasan sa mga lugar na kanilang pinagtatrabahuhan, at iba pa.

Ang kawalan ng trabaho at nakabubuhay na sahod ang nagtutulak sa marami nating kababayan na iwan ang kanilang mga pamilya upang maging manggagawa sa ibayong dagat. Sa pinakahuling datos, nasa 10 hanggang 12 milyong mga Pilipino ang nasa labas ng bansa.

Ayon sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA), noong unang semestre ng 2018, nasa 5,773 Pilipino ang umaalis ng bansa araw-araw para magtrabaho sa ibayong dagat. Sa halip na tugunan ang kawalan ng trabaho at napakababang pasahod sa bansa, ibinubugaw pa ng pamahalaan

ang mga manggagawang Pilipino sa mga dayuhang bansa. Sa ilang dekada na ay iniya ng pamahalaan ang paglago ng ekonomiya sa remitans ng mga OFW.

Ang mismong katangian ng ekonomiya ng Pilipinas – ang pagiging atrasado, dominado ng dayuhan, tuon sa serbisyo sa halip na produksyon, umaasa sa imported, at nagkukumahog sa pag-eeksport – ang nagdudulot ng kroniko at historikong krisis sa trabaho. Mahina ang sektor ng produksyon ng bansa – nananatiling atrasado ang agrikultura at walang naitatayong pambansang industriya. Gaya ng nabanggit na, kung pauunlarin ang dalawang sektor na ito, lilikha ito ng higit na bilang ng mas matatag na mga trabaho, di-tulad sa sektor ng serbisyo na mababa ang value-added at may mas mababang pasahod.

Sa tatlong taon ni Duterte, wala itong isinagawang pagpapalakas ng sektor ng produksyon. Nananatiling walang sariling lupa ang mga nagbubungkal, walang suportang serbisyong ibinibigay sa magsasaka at mangingisda, at walang planong paunlarin ang kanayunan. Wala ring pagpokus ng manupaktura sa lokal na pangangailangan at pagtataguyod ng pambansang industriya.

Sa halip, inilalako ng gobyernong Duterte ang murang lakas-paggawa bilang pang-akit ng dayuhang pamumuhunan. Nananatiling mababa ang sahod sa ilalim ng gobyernong Duterte na, kasabwat ng mga kapitalista, nagbingi-bingihan sa kahilingan ng mga manggagawa para sa substansyal na umento.

Ang administrasyon Duterte ang may pinakamadalang at pinakamababang porsyento ng dagdag sa sahod sa lahat ng nagdaang administrasyon. Sa NCR, nagbigay ng umento sa ilalim ni Duterte minsan lang sa loob ng 18 buwan, kumpara kay Arroyo na minsan sa loob ng 16 buwan at kay Ramos na minsan sa loob ng 10 buwan. Mababa rin ang porsyentong itinaas ng sahod sa dalawang umento ng gobyerno: 9.4% lang sa ilalim ni Duterte, kumpara sa unang dalawang umento sa ilalim ni Noynoy Aquino na 11.5% at 49.9% sa ilalim ni Cory Aquino.

Kapos ang antas ng sahod sa kailangan ng isang pamilya para mabuhay. Ang arawang sahod na Php537 sa NCR, kung saan pinakamataas ang minimum na sahod sa buong bansa, ay kulang ng Php673 sa Php1,210 na kailangan sa kada araw ng pamilyang may anim na myembro, o kapos ng Php471 para sa Php1,008 halaga ng pangangailangan ng pamilyang may limang myembro.

Dalawang beses nagpatupad ng pagtaas ng minimum na sahod sa NCR sa ilalim ni Duterte na may pangkabuuang halagang Php46. Pero kung tutuusin ang inflation rate, bumaba pa nga ang tunay na halaga ng minimum na sahod sa rehiyon na nasa Php466.73 noong Hulyo ng 2016 patungong Php455.86 noong Mayo 2019. Kung gayon natalo ang pagtaas ng sahod sa harap ng bilis ng pagtaas ng presyo ng mga bilingin.

Ipinagyayabang ng Department of Finance (DOF) na pinakamabilis ang administrasyong Duterte sa pagresolba ng implasyon. Pero hindi nito inaamin na ang 5.2% inflation rate noong 2018, na pinakamataas sa nakalipas na dekada, ay kalakhan dahil sa mga bago at dagdag na buwis na ipinataw ng pamahalaan sa ilalim ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN).

Mula Nobyembre 2018, pababa na ang inflation rate, at mas mababa na ito sa 5% pagpasok ng 2019. Mas mababa na kumpara sa nakaraang taon ang 3.2% inflation rate noong Mayo 2019.

Ngunit ang pagbagal ng tantos ng implasyon ay hindi nangangahulugan ng mas murang presyo ng mga bilingin. Halimbawa, mula Enero hanggang Mayo ngayong taon nanatili sa Php44 kada kilo ang presyo ng bigas sa NCR kahit pa mula 4.9% ay bumaba sa 3.4% ang tantos ng implasyon sa parehong mga buwan.

Nagkokoro ang pamahalaan, sa pangunguna ng mga ekonomista ni Duterte, at ang mga grupo ng mga negosyante sa pagtutol sa kahilingan ng mga manggagawa para sa makabuluhang pagtaas ng sahod. Pinagsasabong ang interes ng mga manggagawa at mga konsyumer (na sa totoo ay bahagi rin ng pwersa ng paggawa) sa pagsasabing magdudulot ng pagtaas ng presyo ang pagtaas ng sahod. Subalit ang totoo todo-tipid sila sa pasahod sa mga manggagawa samantalang ayaw bawasan ang tubo ng mga empresa.

Kung ibabatay sa pinakahuling datos noong 2016, ang pagtataas sa Php750 ng minimum na sahod sa NCR (na kahilingan ng mga pinakamalalaking pambansang pederasyon ng paggawa) ay hindi naman magdudulot ng pagkalugi ng mga establisyimento na may 20 at higit pang mga manggagawa at katumbas lamang ng 9.8% kabawasan sa tubo nila.

Papasiglahin pa nga ng pagtaas ng sahod ang ekonomiya dahil magkakaroon ng kapasidad na bumili ng mga produkto at serbisyo ang mga manggagawa. Sa harap ng krisis sa trabaho at kabuhayan sa bansa, iniulat ng gobyernong Duterte na bumaba sa 21% o 23.1 milyong Pilipino ang insidente ng kahirapan noong unang semestre ng 2018. Mula ito sa 28.8 milyong mahihirap na mga Pilipino, katumbas ng 28.3% ng populasyon, sa parehong panahon noong 2015.

Ang datos na ito ay batay sa napakababang itinakdang sukatan ng kahirapan ng pamahalaan. Ayon sa kanilang panukat, ang mahirap ay yaon lamang mayroong mas mababa sa *poverty line* na Php69.50 kada araw – Php48.60 sa halagang ito ang para sa pagkain at Php20.90 para sa iba pang pangangailangan. Sobrang baba at di-makatotohanan ang pamantayang ito, na nagpapakita lamang ng walang kaseryosohan at katapatan ng administrasyong Duterte sa pagharap sa suliranin ng kahirapan.

Kaya naman ang mistulang pagbaba ng bilang ng mahirap ay dahil lamang sa pagpapababa ng pamantayan ng kahirapan nang sa ganoon ay kakaunti lamang ang malalaglag sa baba ng *poverty line*. Napakalawak ang kahirapan at samu't sari ang dimensyon nito sa totoo lang – ang mamamayang walang disentang trabaho, kapos sa edukasyon, kulang sa nutrisyon, walang akses sa serbisyong kalusugan, walang maayos na tirahan at pananamit, kulang sa malinis na tubig, sanitasyon at elektrisidad, at iba pa.

Sa kabila ng lawak ng kahirapan, iginigiit ng administrasyong Duterte ang mga pagbabago ng mga depinisyon at metodolohiya sa pagsukat ng kawalan ng trabaho, disentang pasahod at kahirapan. Napagtatakan tuloy ang tunay na kalagayan ng mamamayan. Samantala, paulit-ulit ring iniulat ng mga ekonomista ni Duterte ang naratibong napakahusay sa pamamahala ng ekonomiya ang administrasyon at mapangahas raw ito sa pagpapatupad ng mga reporma. Walang balak ang gobyerno na harapin ang tunay na kalagayan ng mamamayan.

Malinaw na resulta ang lumalalang kalagayan ng mamamayan ng mga patakarang neoliberal sa ekonomiya, na wala ring balak talikuran ng kasalukuyang administrasyon. Napakalaking ganansya ng mga dayuhang namumuhunan, dayuhang gobyerno at lokal na oligarkiya sa pagpapatuloy ng neoliberalismo sa ekonomiya, na silang mga pinagsisilbihan ni Duterte .

Subalit hindi na maitatatwa ang pagsahol ng kalagayan ng mamamayan sa tatlong taong panunungkulan ni Duterte. At upang pahupain ang nagpupuyos na sentimiyento ng mga sektor ay iwinawasiwas ni Duterte ang mga pabalatbunga o populistang mga hakbang sa pagpapanggap na may ginagawa ito sa mga kahilingan ng mamamayan.

4 Epektibo ba ang mga populistang hakbang ni Duterte sa pagtugon sa mga kahilingan para sa serbisyong panlipunan?

Hindi. At bigo rin ang mga hakbang na ito na pahupain ang pagkadismaya ng mga tao. Ang totoo, bihis lamang ang mga positibong katawagan sa mga hakbang o polisiyang ito upang pagtakpan ang pananalasa ng mga neoliberal na patakaran. Sa usapin ng serbisyong panlipunan, sa partikular, upang pabanguhin ang patakaran ng pribatisasyon.

Ang pagbubukas ng mga serbisyong panlipunan sa pribadong kontrol at kapital para mapagtubuan ang dahilan kung bakit hindi makamit ng mayorya ng mamamayan ang kanilang karapatan sa edukasyon, serbisyong pangkalusugan, pabahay, tubig, at iba pang pampublikong serbisyo. Sa halip na responsibilidad ng pamahalaan ang pagbibigay ng mga serbisyong ito, mistulang naging komoditi ang mga ito na para na lamang sa mga may kakayahang magbayad. Sa tagal na rin ng pag-iral ng neoliberal na polisiya ng pribatisasyon, kinondisyon na ang utak ng karamihan na ito ang normal na kaayusan at kung gayon ay walang pananagutan ang pamahalaan dito.

Kaya naman ang pagpasa ng mga batas gaya ng Universal Access to Quality Tertiary Education (UAQTE) Act, Free Irrigation Service Act, at Universal Health Care (UHC) Act ay parang mga kagila-gilalas na hakbang dulot na rin ng umano'y malasakit ni Duterte sa mamamayan. Subalit sa pagbubusisi sa mga ito, lumalabas na wala naman silang ngipin na baliktarin ang pribatisasyon sa minimum o lalo lang nilang pinatitibay ang pribatisasyon sa maksimum.

Pinirmahan ni Duterte ang Republic Act (RA) 10931 o ang UAQTE Act noong ika-3 ng Agosto 2017. Kukuhanin sa aaprubahang taunang pambansang

badyet ang alokasyon para sa batas na ito. Ayon sa batas na ito, libre na ang pag-aaral sa mga pampublikong kolehiyo sa bansa at kung gayon ay nagbubukas ng oportunidad sa higit na nakararami lalo na sa mga walang kakayahang magbayad. Ngunit hindi ganito ang tunay na kalagayan.

Sa ilalim ng batas, ang bibigyan ng pondo para sa libreng edukasyon ay lahat ng 112 na *state universities and colleges* (SUCs) at lahat ng pampublikong teknikal at bokasyunal na institusyon na pinapatakbo ng TESDA o ng lokal na pamahalaan o LGU. Subalit 78 lamang sa kabuuang 107 na *local universities and colleges* (LUCs) ang inapubahang maging kabahagi ng programa. Kaya't hindi pa rin ganoon ka-unibersal ang akses sa UAQTE.

Binawasan na ng pamahalaan ang bilang ng SUCs sa nakalipas na mga taon, kaya naman makitid na sa simula pa lamang ang mga institusyong maaari sanang pondohan ng pamahalaan para sa libreng edukasyon. Kalakhan (88% ayon sa Kabataan Partylist) ng mga institusyon sa bansa na nag-aalok ng edukasyong pang-tersyaryo ay pinapatakbo na ng pribadong sektor.

Kung pagbabatayan ang datos ng enrolment sa mga *higher education institutions* para sa *school year* 2017-2018, 1.3 milyong estudyante lamang ang populasyon ng mga kwalipikadong SUC at LUC sa ilalim ng batas. Ibig sabihin, may humigit-kumulang 1.7 milyong kabataang nagkokolehiyo pa o 57% ng kabuuang naka-enrol ang kailangang magbayad ng *tuition* at samu't saring mga bayarin.

Dagdag pa, hindi lahat ng nag-aaral sa mga kwalipikadong unibersidad at kolehiyo ay awtomatikong kabilang sa benepisyaryo ng UAQTE. Sang-ayon sa batas, ang mga estudyante sa mga SUC at LUC na hindi matatapos ang kanilang kurso sa loob ng nakatakdang haba ng kanilang programa at isang taon ay hindi na kwalipikado sa libreng kolehiyo. Gayundin, mawawala ang kwalipikasyon ng mga estudyante ng teknikal at bokasyunal na institusyong pinatatakbo ng pamahalaan kung babagsak sila sa kahit anong kursong kanilang kinukuha.

Hindi rin lahat ng bayarin ay sakop ng UAQTE. May 141 bayarin ayon sa memo ng Commission on Higher Education (CHED) na sisingilin pa rin ng mga SUCs.

Imbes na pagpapaunlad sa sistema ng pampublikong edukasyon, pribatisasyon ang nananatiling tunguhin ng gobyerno. Sa halip na magpatayo ng sapat na bilang ng pampublikong paaralan, iniaasa sa pribadong sektor ang akomodasyon sa nakararaming mag-aaral sa bansa. Nananatili ang *voucher system* kung saan nagbabayad ang pamahalaan sa mga pribadong paaralan para makapag-enrol ang mag-aaral. Subalit dahil karaniwang kulang ang voucher na ito, naglalabas pa rin ng pera ang mag-aaral para matustusan ang kabuaang presyo ng pag-aaral.

Pinirmahan ni Duterte noong 2018 ang Free Irrigation Act na naglalayong alisin ang bayad ng mga magsasakang may hanggang walong ektaryang lupang sinasaka na gumagamit ng sistemang irigasyong pambansa o komunal. Hindi na rin sisingilin ang mga utang na bayarin ng mga magsasaka sa sistemang ito.

Sa aktwal, ang pangunahing problema ng mga magsasaka sa usapin ng irigasyon sa bansa, bukod sa napakataas na bayad para rito, ay ang kawalan ng tubig na dumadaloy sa mga sistemang irigasyon. At sa tagal nang panahong naniningil ang pamahalaan para sa serbisyong ito, 61% lamang ng kabuuang *irrigable lands* sa buong bansa ang mayroon nang sistema ng irigasyon ayon sa datos ng pamahalaan. May signipikanteng bahagi pa rin ng mga lupang agrikultural sa bansa ang nakaasa sa tubig-ulan. Walang anumang indikasyon na dumaloy ang tubig sa mga sistema ng irigasyong ito sa pagkapasa ng Free Irrigation Act.

Wala rin itong pakinabang sa sektor kung hindi rin naman pinipigilan ang malawakang land conversion na lalong pinagtibay ng pamahalaang Duterte.

Binansagan naman bilang daan sa mas mabuting kalusugan para sa lahat ng Pilipino ang pagpirma ni Duterte sa UHC noong Pebrero. Layunin diumano ng batas na makapaghatid ng serbisyong pangkalusugan sa lahat ng mga Pilipino nang hindi nagdudulot ng kahirapang pinansyal at bigyang prayoridad ang bahagi ng populasyon na walang kakayahang magbayad para sa nasabing serbisyo.

Masusuma sa isang salita ang ubod ng UHC – *insurance*. Ang National Health Insurance Program (NHIP) ang pambansang programa ng segurong

pangkalusugan. Ang Philippine Health Insurance Corporation o mas kilala bilang PhilHealth ang ahensyang tagapagpatupad ng NHIP. Kaya naman ang UHC sa esenya ay pagpapalawak lamang ng saklaw at pagpapataas ng pondo ng PhilHealth.

Sa halip na direktang serbisyong pangkalusugan, katulad ng pagbibigay konsultasyon, lunas at pasilidad, pinalakas ng UHC ang insurance bilang tagapagtulak ng serbisyong pangkalusugan. Titiyakin lamang nito ang kita ng mga pribadong ospital sa bansa. Ayon na rin sa datos ng PhilHealth, sa pangkabuuang 1,928 *accredited* na mga institusyong nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan, 1,170, katumbas ng 61%, ay mga pribadong ospital o *infirmary*. Ang nalalabing 39% o 758 ay mga pampublikong pasilidad.

Awtomatikong magiging bahagi ng NHIP ang bawat Pilipino, bilang direkta o di-direktang kontribyutor. Taon-taong tataas ang buwanang kontribusyon ng bawat myembro hanggang umabot ito ng 5% sa 2025. Mabigat ito, lalo na para sa mga walang trabaho o kumikita lamang ng minimum na sahod.

Samantala, malaki pa rin ang inilalabas na halaga o tinatawag na *out-of-pocket expenses* ng mga pasyente para sa kanilang pangangailangang pangkalusugan. Sa buong taon ng 2018, 42% lamang ng pangkabuuang gastos para sa pangkaraniwang halaga ng *confinement* sa bansa ang nasuportahan ng PhilHealth at kailangan pa ring balikatin ng mga pasyente ang 58% nito.

Para sa unang taon ng implementasyon nito, mangangailangan ang UHC ng Php257 bilyon. Bukod sa kontribusyon ng mga myembro, kung saan-saan kukunin ng gobyernong Duterte ang pondo para rito: sa PAGCOR, Charity Fund, netong kita mula sa Documentary Stamp Tax, at nauukol sa batas na kontribusyon ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO); sa Department of Health (DOH) at subsidyo ng pamahalaan na nakasaad sa pambansang taunang badyet; at mula sa buwis na makokolekta sa ilalim ng Sin Tax Reform Law.

Sadyang napakalupit ng administrasyong ito na gaya ng ginawa sa TRAIN, sa halip na kunin ang pondo para sa mga programa ng pamahalaan sa mga mas may kakayahang magbayad nito sa pamamamagitan ng direktang buwis, kinukuha niya ito sa bulsa ng mga konsyumer na mayorya ay kabilang sa mahirap.

Ayon sa mga nagtulak ng Sin Tax, layunin nitong mapondohan ang UHC at mapababa ang bilang ng mga naninigarilyo sa bansa na magresulta naman sa pagbuti ng kalusugan ng nakararami. Napakalaking kabalintunaan nito, katulad din ng argumento ng gobyernong Duterte noong itinaas ang buwis sa *sugar-sweetened beverages* sa ilalim ng TRAIN na diumano raw ay para mabawasan ang insidente ng *diabetes*. Alin man sa parehong buwis ay hindi naman mapupunta sa direktang serbisyong pangkalusugan.

Napakahalagang ipaling muli ang serbisyong panlipunan sa pampublikong oryentasyon at kung gayon ay responsibilidad ng estado, at hindi bilang oportunidad para sa negosyo ng pribadong sektor. Susi rito ang pag-akong muli ng pamahalaan ng kanyang responsibilidad at hindi lamang sa *token* na mga polisiya .

Mabigat sa kalaunan ang mga populistang hakbang ng gobyernong Duterte upang itaas pa ang kanyang popularidad sa bulsa mismo ng mamamayan. Bukod sa pagtaas ng badyet sa imprastruktura at sahod ng kapulisan, dagdag din ang mga programang nabanggit na hindi rin naman kapaki-pakinabang sa mamamayan.

Bigo at kapos ang populismo ni Duterte para pihitin ang nawawalang kapakinabangan ng mamamayan sa ekonomiya. Hindi kinaya ng mga nagpapanggap na maka-mamamayang mga patakaran na pagtakpan ang tuloy-tuloy na pangangayupapa ng pamahalaan sa dayuhang kapital at papatinding pagtutulak ng mga patakarang neoliberal.

5 Paano patuloy na pinagsisilbihan ng gobyernong Duterte ang dayuhang kapital?

Sa pamamagitan ng pagpapatindi ng mga patakaran ng neoliberalismo.

Patuloy ang pagbibigay ng importansya ng administrasyon sa panghihikayat ng mga dayuhang mamumuhunan sa bansa kaysa pagtataguyod ng mga lokal na empresa at negosyante. Nagsusulong ito ng mga polisiya para maging *competitive* at kaakit-akit sa TNCs ang bansa. Sa inihanay ng Legislative-Executive Development Advisory Council (LEDAC) na mga prayoridad na batas, marami ang pumapatungkol sa pagpapadali ng pagpasok ng dayuhang kapital sa bansa. Ilan sa mga panukalang batas na ito ay pumasa na,

samantalang ang iba pang inabutan ng panahon ng eleksyon ay nakahanay pa ring prayoridad sa pagbubukas ng ika-18 Kongreso.

Naamyendahan na ang listahan ng mga erya o aktibidad na bawal o limitado ang maaring pumasok na dayuhang pamumuhunan. Pinirmahan ni Duterte noong Oktubre 2018 ang 11th FINL, at ilan sa mga erya na nilakihan ang maaring bahagi ng dayuhang kapital ay ang negosyong may kinalaman sa *internet*, *generation* at suplay ng kuryente, pribadong *radio communications network*, mga kontrata para sa *public works*, *insurance adjustment companies*, at *wellness centers*.

Ang FINL ay nakapaloob sa RA 7042 o Foreign Investments Act na isa rin sa mga batas na prayoridad na amyendahan ng administrasyon. Kabilang sa amyendang itinutulak ang pagpapababa ng bilang ng kailangang kuning mga Pilipinong manggagawa ng mga *small-* at *medium-sized* na empresang may dayuhang kapital.

Pumasa naman sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ang House Bill (HB) No. 9057 na nag-amyenda sa Retail Trade Liberalization Act. Ipinapanukala nito na ibaba sa US\$200,000 ang minimum na kapital ng mga dayuhang gustong mamuhunan sa pagtitingi sa bansa mula sa dating US\$2.5 milyon. Maraming maliliit na negosyanteng Pilipino ang maaapektuhan ng amyendang ito.

Hindi lumusot sa ika-17 Kongreso ang pag-amyenda sa Public Service Act pero prayoridad pa rin ito sa ika-18 Kongreso. Papakitirin ng pag-amyenda ang depinisyon ng *public services* o *public utility* sa transmision at distribusyon ng kuryente at *waterworks and sewerage pipeline distribution system*, sa layuning ibukas ang telekomunikasyon at transportasyon sa dayuhang pamumuhunan.

Sa huli, layuning baguhin ang Konstitusyon ng bansa para tanggalin na ang mga natitira pang proteksyon sa ekonomiya at tuluyan nang ibuyangyang ang bansa sa mga dayuhang namumuhunan at TNCs. Sa huling proklamasyon ni Duterte, lumitaw na ito naman talaga ang layunin ng pagsusulong niya ng *Charter change* (Cha-cha) at hindi ang pagpapalit ng porma ng gobyerno patungong pederalismo. Lalong pakikitirin ng Cha-cha ang espasyo para maisulong ang pagpapalakas ng lokal na agrikultura at industriya dahil

tatangalin na maging ang katiting na ligal na batayang pinanghahawak an ng mamamayan.

Patuloy rin ang pagpasok ng bansa sa mga negosasyon para sa kasunduan sa sinasabing malayang kalakalan, parehong sa *multilateral* at *bilateral* na mga usapan. Nagpapatuloy pa rin ang negosasyon sa pagitan ng 10 bansa ng ASEAN, kung saan kabilang ang Pilipinas, at ng China, Australia, New Zealand, India, Japan at South Korea para sa Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) na pinangungunahan ng China. Nasa proseso rin ng pakikipagnegosasyon ang gobyerno ng Pilipinas sa US, EU at dalawa pang hindi pa pinapangalanang bansa para sa mga bilateral na mga kasunduan sa kalakalan. Hindi paborable para sa pambansang pag-unlad ng Pilipinas ang mga nilalaman ng mga kasunduang ito at palagi't lagi na lamang hinahayaan ng gobyerno na malugi tayo sa mga probisyon nito.

Batbat rin ng hindi patas na mga kondisyon ang mga utang na pinasok ni Duterte para pondohan ang kanyang mga programa, pangunahin ang BBB. Kabilang dito ang mataas na interes, mga kondisyon sa kukuning kontraktor at manggagawa sa proyekto, at maging ang mistulang pagkokolateralisa ng mga ari-arian ng bansa. Ang hindi paggigiit ni Duterte ng karapatang soberanya ng bansa sa mga teritoryo nito sa West Philippine Sea halimbawa ay nasa konteksto ng pagpabor nito sa China dahil sa pautang at pamumuhunang ipinapasok ng huli.

Hindi itinataguyod ng administrasyong Duterte, katulad ng kaniyang mga sinundang administrasyon, ang pundasyon ng nagsasariling ekonomiya ng bansa. Pinabayaang dumausdos ang sektor ng agrikultura at walang pag-unlad sa sektor ng manupaktura. Sa nakalipas na mga dekada, paliit nang paliit ang kontribusyon ng mga sektor ng produksyon, habang lumolobo nang walang mataas na halaga ang sektor ng serbisyo.

Ganito ang konteksto at direksyon ng ekonomiya ng bansa – ang pagsilbihin ito sa interes ng merkado na dominado at kontrolado ng dayuhang kapital. Nakaayon dito ang pagpapanatili ng malawakang kawalan ng trabaho, mababang kalidad ng trabaho, kontraktwalisasyon at pleksibleng paggawa – mga kondisyong magpapamura sa lakas-paggawa. Nakaayon din dito ang pagpako sa sahod sa napakababang antas na di-nakabubuhay at pagsupil sa

anumang kahilingang itaas ang pamumuhay ng mamamayan at itaguyod ang kanilang kagalingan.

Nakaayon din sa neoliberalismo ang pagpigil sa pagpapatatag ng lokal na agrikultura, pagtataguyod ng pambansang industriya, paggigiit sa mga panawagang sosyo-ekonomiko at demokratikong karapatan ng mamamayan, at soberanya ng bansa.

Pinagtitibay ng neoliberalismo ang patuloy na pamamayani ng imperyalismong US, pangingibabaw ng China, pagpapayaman ng lokal na oligarkiya, maging ang pagpapalaki ng nakaw na yaman ng mga lokal na opisyal at politiko. Sa kabilang banda, nasa kapakinabangan ni Duterte at krusyal sa kanyang pananatili sa poder ang patuloy na pagpapatupad ng neoliberalismo.

6 Sino ang lubusang nakinabang sa unang hati ng termino ni Duterte?

Ang mga lokal na oligarkiya, dayuhang negosyante at kanilang mga gobyerno at mga opisyal ng burukrasya ang pinagsilbihan ng gobyernong Duterte sa nakalipas na tatlong taon.

Ang pangunahing layunin ng neoliberalismo ay ang paglaki ng kita at yaman ng mga lokal at dayuhang kapitalista at buruktrata-kapitalista. Ang isakatuparan ito ang pangunahing papel na ginagampanan ng gobyernong Duterte. Sa balangkas ng neoliberalismo, ang mga isinusulong na mga batas at programa ng pamahalaan ay nakatuon sa pangunahin sa pangangailangan ng merkado at lumilikha ng malawak na mga oportunidad para sa tubo.

Lumaki ang kita ng *top 20 conglomerates* nang 16.2% at ang tubo nila nang 4.3% mula 2016-2017. Ang Petron Corp. ni Ramon Ang ang may pinakamalaking paglago ng kita (26.1%) at JG Summit Holdings naman ng pamilyang Gokongwei ang may pinakalamaking talon (76.7%) sa tubo. Ang San Miguel Corporation (SMC) at Top Frontier Investment Holdings, Inc., parehong pagmamay-ari ni Ramon Ang ang mga may pinakamataas na netong kita noong 2017. Kumita ng Php54.8 bilyon ang SMC samantalang Php53.3 bilyon naman ang kita ng Top Frontier.

Mga aktibidad sa pinansya at insurance ang pangunahing pinagkakitaan ng mga korporasyon noong 2017 (38% ng kabuuang tubo), kasunod ang manupaktura (19%) at elektrisidad at gas (10%). Samantala, lumaki ang kita ng TNCs nang Php455.3 bilyon, mula Php3.6 trilyon patungong Php4 trilyon sa parehong panahon. Sa kanilang kita noong 2017, 61.7% ay mula sa manupaktura, na nagkakahalaga ng Php2.5 trilyon, at katulad ng nabanggit, 58.6% ito ng kabuuang kita ng mga korporasyon sa *top 1000 corporations* na nasa manupaktura.

Ang *net worth* naman ng 40 pinakamayayamang Pilipino, na tumaas nang 204% mula Php1.3 trilyon noong 2010 tungong Php3.8 trilyon noong 2018 ay katumbas ng pinagsama-samang kita ng 20.1 milyong pamilyang Pilipino sa huling 2015 datos ng Family Income and Expenditure Survey (FIES).

May 48 namang Pilipino ang nasa Forbes Philippines' *richest* noong 2018. Pinangungunahan ang listahan ng mga pamilya nina Henry Sy, Manny Villar, Gokongwei, Ayala, Enrique Razon, Tony Tan Caktiong, Lucio Tan, Ramon Ang, George Ty, at Andrew Tan. Ang 40 pinakamayayaman sa mga ito ay may pinagsama-samang net worth na Php3.8 trilyon kung itutumbas sa piso.

Kapansin-pansin ang pag-angat ng pamilya ni Manny Villar sa Forbes Philippines' *richest*. Dati-rati ay nasa pang-12 lamang ito sa listahan noong 2016 at biglang talon sa pangalawa noong 2018. Kamakailan ay inilabas na ng Forbes ang 2019 World Billionaires, at nasa *number 1* na si Manny Villar. Lumaki nang halos apat na beses ang yaman ni Villar mula US\$1.5 bilyon (o Php75.4 bilyon) noong Marso 2017 tungong US\$5.5 bilyon (o Php288.3 bilyon) nitong Marso 2019.

Hindi maikakaila ang naging malaking papel ng pagiging presidente ni Duterte sa pagyaman ng mga lokal na oligarkiya at dayuhan. Sa tradisyon ng kronismo at pagpabor sa mayayaman na sumusuporta sa pagkapangulo, nagiging mabilis ang akumulasyon ng yaman, hindi lamang ng mga negosyante kundi pati ng mga opisyal ng pamahalaan. Naging sentrong usapin sa pagpapayaman ang BBB mismo ng gobyernong Duterte.

Kilala ang pamilya ng dating *senate president* na si Manny Villar bilang tagasuporta ni Duterte. Sa katunayan magkaalyado ang partido politikal ni

Villar na Nacionalista Party at ni Duterte na PDP-Laban. Naging mabunga ang alyansang ito para sa mga Villar.

Pinakamataas na boto ang nakuha ni Cynthia Villar sa nakaraang eleksiyong pang-senador habang nanalo naman ang kanilang anak na babae bilang kongresista ng Las Piñas. Nakaupo naman ang anak nilang si Mark Villar bilang kalihim ng Department of Public Works and Highways (DPWH) at ang asawa nitong si Emmeline bilang *undersecretary* ng Department of Justice (DOJ).

Nakapagpalawak ng negosyo ang pamilya Villar sa ilalim ng administrasyon. Isa si Villar sa pinakahuling nagpasa ng aplikasyon para sa pagtatayo ng bagong *casino* o pasugalan bago ibaba ni Duterte ang *moratorium* sa pagtanggap ng aplikasyon para sa mga bagong *casino* noong Enero 2018. Bukod sa itinatayong *resort* at *casino* sa 1,000 ektaryang lupain sa Cavite, napaulat na target din nilang magtayo ng *casino* sa Las Piñas.

Sa bisa naman ng RA 11089, nabigyan ng 25-taong prangkisa ang Streamtech Systems Technologies, Inc. ng mga Villar para magtayo at magpatakbo ng sistemang pangtelekomunikasyon sa buong bansa.

Noong Disyembre ng nakaraang taon nagpirmahan ng *joint venture agreement* ang Bases Conversion and Development Authority (BCDA) at ng *consortium* na pinangungunahan ng Prime Water Infrastructure Corporation ng mga Villar para sa pagtatayo at pagpapatakbo ng pasilidad para sa tubig at *wastewater* sa New Clark City. Bukod dito, may iba't ibang *joint venture* din ang Prime Water sa ilang *water districts* sa bansa.

Nabigyan naman ng Civil Aviation Authority of the Philippines (CAAP) ng *original proponent status* (OPS) ang Prime Asset Ventures Inc. (PAVI) ng mga Villar din para sa *unsolicited proposals* nito para patakbuhan at palawakin ang Puerto Princesa Airport at Iloilo International Airport. Binibigyan ng OPS ng bentahe ang grupo ni Villar sa oras na isalang ang dalawang *unsolicited proposals* na ito sa tinatawag na *Swiss challenge* o yaong opsyon ng pamahalaan na *i-publish* ang *bidding* at mag-imbata ng ibang *proponent*.

May *unsolicited proposal* din ang PAVI para sa dalawang proyekto para sa LRT Line 6 na may kabuuang halagang Php213 bilyon. Kasalukuyang nasa proseso ito ng pag-apruba.

Isa rin sa may pinakamalaking nakuhang kontrata sa mga proyektong pang-imprastruktura ay ang kasalukuyang ika-6 na pinakamayaman sa bansa na si Ramon Ang. Ayon sa Forbes, mahigit doble ang itinaas ng net worth ni Ang mula US\$1.2 bilyon (o Php57 bilyon) noong 2016 patungong US\$2.9 bilyon (o Php149.4 bilyon) ngayong 2019.

May kabuuang halaga na Php42 bilyon ang nakuhang kontrata ng mga kompanya ni Ang sa ilalim ng iskemang PPP. Bukas na ang Php18 bilyon-NAIA Expressway project samantalang ang Php24 bilyon Bulacan Bulk Water ay nasa yugto na ng konstruksyon.

Dagdag dito, may tatlong unsolicited proposals na pang-imprastruktura rin ang SMC. Nasa yugto na ng *procurement* ang Bulacan International Airport project na nagkakahalaga ng Php736 bilyon. Tinututulan ito ng mga residente sa lugar dahil magreresulta ito sa malalang pagbaha sa malaking bahagi ng Bulacan at maraming residente ang palalaysin sa kanilang mga tirahan.

Nakalinya naman para maaprubahan ang dalawa pang unsolicited proposals ng SMC, ang Manila Bay Integrated Flood Control, Coastal Defense and Expressway Project at ang Preservation and Development of Laguna de Bay Project. Sa pangkabuuan, ang tatlong unsolicited proposals na ito ay nagkakahalaga ng Php2.2 trilyon.

Malaking bagay rin ang pagbibigay ng suporta para sa eleksyon at politika sa pagyaman ng mga negosyante at opisyal. Isang halimbawa ang matunog ang pangalan ng negosyante mula sa Davao na si Dennis Uy. Isa si Uy sa nagpondo sa kandidatura ni Duterte sa pagkapresidente noong 2016. Ayon sa ulat ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ), nasa Php30 milyon ang ibinigay ni Uy para sa kandidatura ni Duterte. Noong nakaraang halalan 2019, naglagak din ng pondo si Uy sa kampanya ng Marino Partylist.

Si Uy ang may-ari ng Udenna Corporation at Phoenix Petroleum. Nagsimulang umugong ang pangalan niya nang magsunod-sunod ang pagbili nya ng mga bagong korporasyon sa iba-ibang industriya matapos maluklok sa pwesto si Duterte. Umabot na sa 36 na kompanya ang nabili ni Uy na may kinalaman sa pagkain, edukasyon, real estate, telekomunikasyon, langis, at pasugalan.

Bukod dito, nakakuha rin si Uy ng mga kontrata sa mga proyekto ng gobyerno gaya ng ikatlong korporasyong magseserbisyo sa telekomunikasyon. Nananalo sa bidding ang Mislattel na binuo ng Udena Corp at Chelsea Logistics ni Uy at ng China Telecom.

Sa ilalim ng programang BBB ng gobyerno, meron siyang tatlong unsolicited proposals para sa mga proyektong nagkakahalaga ng Php97.5 bilyon na lahat ay nasa Davao.

7 **Ano ang pampolitikang kalagayan sa nagdaang tatlong taon at sa darating pang panahon sa ilalim ni Duterte?**

May dalawang tampok sa kasalukuyan at darating na mga panahon: ang paniniguro ni Duterte sa kanyang kapit sa poder at ang tumitinding atake nito sa kanyang mga kritiko.

Masigasig na itinulak ng administrasyon ang pagpapatalsik sa dating Chief Justice Ma. Lourdes Sereno para makapagpasok ng kanyang kaalyado sa Korte Suprema. Hinirang na bagong Chief Justice si Lucas Bersamin at nagpangalan ng tatlo pang bagong hurado ng Korte Suprema. Bago matapos ang taong ito, magtatalaga ng lima pang mga hurado si Duterte sa Korte Suprema kaya naman 12 sa 15 myembro nito ay mga Duterte-*appointee* na. Lalo nitong pinatingkad ang paglabnaw ng sistema ng *checks and balances* sa bansa pabor sa isang namumuong awtoritaryan. Ang pagtataguyod ng ligalidad at ekstensyon ng martial law sa Mindanao ang isang naipasa ng maka-Duterteng hudikatura.

Mabilis naman na nabuo ni Duterte ang *supermajority* sa Mababang Kapulungan ng Kongreso at nakopo ng mga malalapit na kaalyado nito ang liderato. Mabibilang na lang sa daliri ang natira sa minorya.

Samantala, maagang inasikaso ni Duterte ang pagpapakulong sa mga kritikong senador, katulad ng pagpapakulong kay Sen. Leila de Lima at pagpapatahimik kay Sen. Antonio Trillanes nang siya ay muntikan na ring ipakulong.

Tiniyak ni Duterte na magtutuloy-tuloy ang ganitong kontrol niya sa lehislatura hanggang sa *2019 midterm elections*. Gamit ang kabang bayan, binuhusan ng gobyernong Duterte ng rekurso ang kandidatura ng mga maka-administrasyon at pinagkumbina ang teknolohiya, paghubog sa opinyong popular at pwersang pulis at militar para makontrol ang resulta ng eleksyon, lalo na ng karera sa pagkasenador. Aktibo rin ang administrasyon sa paninira, *red-tagging*, panghahas, pagsampa ng gawa-gawang kaso at pamamaslang ng mga progresibong kandidato at kanilang mga makinarya at taga-suporta.

Malawakan ang pagbili ng boto sa buong bansa, ginamit ang rekurso at maging ang mga empleyado ng gobyerno para sa kampanya ng mga kaalyado ng Pangulo, dagsa ang ulat ng pagiging kwestyunable ng *automated election system*, at ginamit rin ang pwersa ng sandatahang lakas at ng kapulisan para lalo pang pakitirin ang tsansang makaupo ang mga progresibong kandidato at partylist.

Nakuha ng mga kandidato ng Hugpong ng Pagbabago (HNP) ni Sara Duterte ang siyam sa 12 pinagbotohang pwesto sa Senado, kabilang si Cynthia Villar, asawa ng pinakamayamang Pilipino; Special Assistant to the President (SAP) Christopher “Bong” Go; kapatid ni Alan Peter Cayetano na si Pia; dating hepe ng Philippine National Police (PNP) na si Ronald “Bato” Dela Rosa; si Sonny Angara na nag-*sponsor* ng TRAIN sa senado; si Imee Marcos, anak ng pinatalsik na diktador na si Ferdinand Marcos; si Ramon “Bong” Revilla, na galing sa pagkakulong dahil sa kasong *plunder*; dating Senate President Koko Pimentel; at ang dating hepe ng Metro Manila Development Authority (MMDA) at *presidential political adviser* na si Francis Tolentino.

Bente sa 24 senador ang ngayon ay maka-Duterte nang senador. Lalong naging kwestyunable ang independensya ng Senado. Sa pagkaiisa-pwera ng mga kandidato ng oposisyon, higit na magiging madali para sa kampo ni Duterte na itulak ang mga prayoridad nitong anti-mamamayang mga batas.

Sa Kongreso naman, matapos ang eleksyon ay mahigit 200 sa 250 kongresista naman ang alyado ni Duterte. Sa pagtatayo ni Sara ng HNP, mas maraming lokal na kandidato ang nasuportahan ng mga Duterte, at sa ilang mga lugar ay pinaghahatian ng mag-ama ang pagsuporta sa magkalabang lokal na politiko.

Minaksimisa rin ng mga kaalyado ni Duterte ang kahinaan ng sistema ng partylist para makakuha ng posisyon sa gobyerno. Ilan sa mga pumasok ay ang Anti-Crime and Terrorism Community Involvement and Support (ACT-CIS) at Marino partylist. Samantala, hinarang na makatakbo ang mga bagong progresibo at tunay na kumakatawan sa mga *marginalized* na sektor gaya ng Aksyon Health Workers, Manggagawa Partylist, at People Surge.

Sa kabila ng paninira sa mga progresibong kandidato at partylist, nakapasok muli ang anim na representante ng Makabayan *bloc* – tatlo mula sa Bayan Muna, at tig-isa sa Gabriela, ACT Teachers' Partylist at Kabataan Partylist. Nawalan naman ng tunay na kinatawan ang mga manggagawa at magsasaka sa Kongreso matapos hindi makapasok ang Anakpawis Partylist sa unang pagkakataon mula nang tumakbo ito noong 2004.

Para makumpleto ang kontrol sa kapangyarihan, nagtalaga ang administrasyon ng mga opisyal ng militar at pulis sa gabinete ng pamahalaan. Mayroong 73 opisyaless ng militar at pulis ang nasa sibilyan na mga posisyon sa 46 ahensya ng pamahalaan. Namumuno sila sa 38 sa mga ahensyang ito. Labing-isa sa 50 myembro ng gabinete at antas-gabineteng opisyal ay mga dati nang opisyal ng militar at pulis.

Bukod sa konsolidasyon ng tatlong sangay ng gobyerno, nakipag-alyansa rin si Duterte kina Gloria Macapagal-Arroyo, na naging House Speaker noong 2018, mga Marcos, at mga Estrada.

Muling nagbangon ang mga pangalang isinuka na ng mga mamamayan. Muling namayagpag ang pamilya Marcos na hanggang sa ngayon ay itinatangi ang mga kasalanan nila sa bayan. Kahit pa nahatulang *guilty* sa pitong kasong *graft* si Imelda Marcos ay nananatili itong malaya.

Binigyan din ng kalayaan ang mga sangkot sa *pork barrel scam* na sina Bong Revilla at Jinggoy Estrada. Nabiyayaan din ng himala si Arroyo nang tuluyan nang mabasura ang kasong *plunder* laban sa kanya noong isang taon.

Ngunit mabuway ang pagkakaisa ng alyansang ito. Sumisingaw ang mga hidwaan dahil sa agawan sa kapangyarihan at kayamanan sa loob at labas ng kampo ni Duterte. Ang bangayan na lang sa pagka-House Speaker ng lahat

naman ay alyado ni Duterte ay indikasyon ng mga bitak sa sarili niyang kampo at iba-ibang interes ng mga oligarkiya. Lumalabas na ang mga Kongresista na naglalaban-laban sa pagka-House Speaker ay mga patakbuhan ng mga oligarkiya sa ekonomiya.

Kumpleto ang kontrol ni Duterte sa kapangyarihan, subalit hindi ito absoluto. At dahil mabuway ang alyansa ng mga paksyon sa politika, mas pinahihigpit ni Duterte ang awtoritaryan na pamumuno. Ang pangalawang tampok na katangian ng pampolitikang kalagayan ay ang pagtindi ng atake sa mga kritiko.

Umigting at naging mas sistematiko ang atake ng administrasyong Duterte laban sa mga organisadong grupo, kabilang ang kritikal na *civil society* at midya. Inilatag ng administrasyon ang mga ligal na makinarya para harapin ang mga tumututol sa neoliberal at awtoritaryan nitong adyenda.

Pinalawig ang martial law sa Mindanao kahit tapos na ang pagtugis sa grupong Maute sa Marawi City. Layunin diumano nitong ubusin ang mga tinatawag ng gobyerno na Islamic State-inspired na terorista, “*armed lawless groups*”, at “*communist terrorists*”.

Noong Nobyembre 2019, pinirmahan ni Duterte ang Memorandum Order (MO) No. 32 para dagdagan ang *deployment* ng militar sa Samar, isla ng Negros, at Bicol, diumano para supilin ang “*lawless violence*” at “*acts of terror*”. Ginamit ng MO 32 ang mga pananalita sa Proclamation No. 55 noong 2016 matapos ang Davao City *bombing* at MO 3 (s. 2016) na nagpapalawig sa Proclamation No. 55, at sinabi ng MO 32 na ang parehong konteksto ay nagaganap sa Samar, Negros, at Bicol. Mula noon ay nag-deploy ng dagdag na tropa sa nasabing mga rehiyon.

Noong Disyembre 2018, pinirmahan ni Duterte ang Executive Order (EO) No. 70. Sa ilalim nito, binigyang-bisa ang tinatawag na ‘*whole-of-nation approach*’, na ang ibig sabihin ang paghahatid-serbisyo at panlipunang pag-unlad ay isasagawa sa ilalim ng tinaguriang balangkas pangkapayapaan sa “*areas of conflict*”. Bagong pakana o instrumentong pang-kontra-insurhensya ito na lumikha ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF ELCAC). Sa ‘*whole-of-nation*’, hinihiling ang kooperasyon ng lahat ng ahensya ng gobyerno para talunin ang “*threat groups and criminal elements*”.

Nito namang Enero, inianunsyo ng administrasyong Duterte ang bagong kampanyang Kapanatagan 2018-2022. Ito ang pagsasanib-pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at PNP sa pagtugis kapwa sa elemento ng insurhensya at kriminalidad sa mga eryang urban. Sa pamamagitan nito, mas mahigpit ang koordinasyon ng dalawang pwersa habang sasaklawin na rin ng operasyon ng AFP ang kalunsuran, at ng PNP ang kanayunan – laban sa mga target na sibilyan.

Partikular sa NCR, pinirmahan ng Joint Task Force (JTF) NCR ng AFP at ng National Capital Region Police Office (NCRPO) ang Implementation Plan (Implan) Kalasag 2019-2022 bilang tugon sa EO 70. Tulad rin sa mga tungkulin ng AFP at PNP sa ilalim ng Kapanatagan ang Kalasag, pero dagdag dito na maaaring mang-aresto at magsampa ng kaso laban sa mga target na personalidad at organisasyon ang pulisya. Dagdag rin na tungkulin ng NCRPO ang magmonitor ng mga “*peace inclined armed groups*” o ibig sabihin ay “*rebel surrenderees*” at magpatupad ng “*peace agreement*” sa mga eryang urban o ibig sabihin ay “*local peace talks*”.

Sa bisa ng mga mekanismong ito lalong pinatindi ang mga operasyong militar laluna sa mga lugar na hindi maikakaila ang lakas ng mga organisadong grupo, mga Kaliwa at kritikal na civil society.

Mistulang ginawang *pilot area* ng mga sistematikong atake ang Negros kung saan ipinatupad ng AFP at PNP ang Synchronized Enhanced Managing of Police Operations (SEMPO) na kilala rin bilang Oplan Sauron. Diumano, bahagi ito ng kampanya ng gobyerno laban sa ilegal na droga at armas, pero ginamit ang istilong Tokhang sa pagpatay ng mga pinaghihinalaang myembro ng New People’s Army (NPA). Nagbunsod ito ng pagmasaker sa mga magsasaka sa isla: pinakatampok ang pagpaslang sa 9 magsasaka sa Hacienda Nene sa Negros Occidental noong Oktubre 2018 at 14 sa tatlong magkakahiwalay na bukirin sa Negros Oriental nitong Marso 2019.

Pinaigting ng gobyernong Duterte ang kontra-propaganda laban sa “*communist-terrorists*”, “*activist-terrorists*”, at “*destabilizers*” pa nga, sa midya at *social media*, mga paaralan, at mga lokal na pamahalaan sa mga sentro at komunidad na urban at rural. Dagdag dito, pinuntirya rin ang Rappler, Philippine Center

for Investigative Journalism (PCIJ), Verafiles at maging ABS-CBN dahil sa mga ulat at artikulo ng mga ito na kritikal sa administrasyon. Pinuruhan ng mga atakeng “*distributed denial of service*” o DDoS ang mga website ng mga alternatibong midya tulad ng Kodao, Pinoy Weekly, Bulatlat at Altermidya.

Malisyoso namang siniraang-puri ng deputy chief of staff for civil military operations ng AFP na si Major General Antonio Parlade, pati ng mga taga-Presidential Communications Operations Office (PCOO) at tinawag na “*communist fronts*” ang Karapatan, Rural Missionaries of the Philippines (RMP), ang mga paaralang Agricultural Learning Center for Development (ALCADEV) at Mindanao Interfaith Service Foundation (MISFI), at IBON Foundation. Nag-umpisa ito sa *international roadshow* ng NTF ELCAC para kumbinsihin ang *funders* sa ibang bansa na itigil ang pagpopondo sa mga naturang organisasyon at iba pang katulad na institusyon. Dito sa Pilipinas, iniisa-isa ng NTF ECLAC ang mga ahensya ng gobyerno para itigil ang pakikipag-ugnayan sa mga tinuringang “*communist fronts*”.

Ang paghihigpit para sa pagtalima ng mga *non-profit organizations* o NPO sa mga *registration requirements* ng Securities and Exchange Commission (SEC) sa bisa ng SEC Memorandum No. 15 ay dagdag ring pag-ipit sa mga organisasyon at kanilang mga gawain. May mahigit 20 organisasyong nakalista na tututukan diumano ang *compliance* sa SEC Memo 15, subalit kapansin-pansin na nakatutok lang ito sa mga Kaliwang grupo.

Dagdag na larawan ng umiigting na awtokrasya at pagguho ng demokrasya ang pagbasura ng Court of Appeals sa petisyon ng mga grupong Karapatan, RMP, at Gabriela para sa *writ of amparo* at *habeas data*. Ito ay sa kabila ng malinaw na ebidensya ng sistematikong atake laban sa kanila. Sinampahan pa ng mismong si National Security Adviser na si Hermogenes Esperon ng kasong *perjury* ang Karapatan.

Mas malala ang kalagayan sa mga rehiyon, kung saan ang mga lider at taga-suporta ng mga organisasyong pang-masa, grupong pang-karapatang-pantao, simbahan at NGO, at ang kanilang mga abogado, ay biktima ng halos walang-puknat na paninira, red/terrorist tagging, pananakot, panghahas, pag-aresto, at pagpatay.

8 Ano ang epekto ng ganitong kalagayan sa karapatang pantao?

Lalong bumangis at dumahas ang mga atake laban sa mga batayang sektor. Mula nang manungkulan si Duterte, mahigit 250 na ang biktima ng *extrajudicial killings* (EJK) sa buong kapuluan. Lampas 200 dito ang magsasaka, 54 ang katutubo, 42 ang Moro, 13 ang manggagawa, 12 ang kabataan, at 134 ang mga tagapagtanggol ng karapatang-pantao. Mula ito sa ulat ng grupong Karapatan.

Ayon din sa grupo, 1,831 ang biktima ng *illegal arrests without detention*; nagkaroon ng 6,114 demolisyon; 449,284 pwersahang ebakwasyon; 87,437 kaso ng pagbabanta, panghahas at pananakot; 369,688 pambobomba; at 42,823 kaso ng paggamit ng mga eskwelahan at lugar pang-medikal, pang-relihiyoso at pampubliko, bilang baraks ng mga sundalo.

Pati kababaihan, mga titser, manggagawang pangkalusugan, abogado, taong-simbahan, at maging mga tagapagtanggol ng karapatang-pantao ay inaatake. Halimbawa ang pag-red-tag sa Gabriela at Kabataan Party List (KPL), *profiling* ng Alliance of Concerned Teachers (ACT), pagsampa ng gawa-gawang kaso hanggang pagpatay sa mga myembro ng National Union of People's Lawyers (NUPL), pagbintang na NPA ang Iglesia Filipina Independiente (IFI), at sunud-sunod ring pagpatay sa mga myembro ng Karapatan sa iba't ibang probinsya.

May 545 na rin ang bilang ng mga bilanggong politikal sa buong kapuluan, 288 rito ang kinulong sa ilalim ni Duterte. Sinampahan sila ng mga gawa-gawang kasong kriminal na walang piyansa. Kung gaano kabagal gumulong ang kaso para sa mga ordinaryong bilango, ganoon naman kabilis hatulang *guilty* ang mga bilanggong politikal. Sa ganitong moda rin isa-isang dinampot ng mga pulis sa mga binulid na kasong kriminal at *non-bailable* ang mga konsultant ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at pamahalaan, pagkatapos talikuran ng gobyernong Duterte ang usapan. Ito ay sa panahong ang nakasalang na ay kung paano reresolbahin ang mga panlipunan at pang-ekonomiyang suliranin ng bansa.

Sa mga darating na panahon, isasalang rin ng gobyernong Duterte ang pagpapatindi sa paglabag ng mga karapatan. Nakahanay ang ilang batas para

lalong sikilin ang espasyo ng pagtutol sa pamahalaan. Pinirmahan na ni Duterte ang batas para sa *National ID system* na para diumano sa kaayusan ng mga serbisyo ng gobyerno ngunit maaaring magamit sa paniniktik at pagkalap ng mga personal na impormasyon ng bawat mamamayan.

Balak ring buhayin muli ang *mandatory ROTC* para naman higit pang impluwensyahan ang kaisipan ng mga kabataan na maging bulag na tagasunod ng pamahalaan, palawakin ang pagpapatanggap ng pasismo, at patayin ang pagiging kritikal ng mga kabataan sa mga nangyayari sa kanyang lipunan.

Ang pag-amyenda naman sa Human Security Act ay naglalayong padaliin ang pagdampot sa mga pinaghihinalaang terorista ng pamahalaan kahit wala pang sapat na batayan. Lantarang paglabag ito sa samu't saring karapatan ng mamamayan.

Pursigido pa rin si Duterte na baguhin ang Saligang Batas ng bansa para patagalin siya sa posisyon. Maaari ring seguruhin ang kanyang kapalit sa katauhan man ni Sara o hindi, bilang pinakamataas na lider ng bansa. At syempre, may posibilidad ding magdeklara siya ng pambansang batas militar.

Ang lahat ng paniniguradong ito ni Duterte ay hindi lamang upang tiyakin ang ekonomikong ganansya niya at ng malalapit sa kanya kundi upang tiyaking hindi niya mapagbabayaran ang lahat ng krimen niya sa mamamayan.

9 Sa kabilang banda, ano ang katangian ng pakikitungo ng gobyernong Duterte sa US at China?

Umaayon ang gobyernong Duterte sa pagpapahigpit ng US ng tangan nito sa bansa, habang nagbibigay naman ng akomodasyon sa China sa interes ng huli na magpalawak ng kaniyang ekonomiya at impluwensya.

Isang malaking palabas na may soberanya ang Pilipinas at pantay ang postura nito sa mga dayuhang kapangyarihan tulad ng US. Nananatiling tali ang gobyernong Duterte sa ayudang militar at pang-ekonomiya ng US

at patuloy na ipinatutupad nito ang dikta ng US na mga patakarang pang-ekonomiya at umaalinsunod sa estratehiyang pang-militar ng US sa rehiyon.

Mula Marawi, binigyang-daan ni Duterte ang muling pagbuwelo ng mga interbensyong pang-militar at panseguridad ng US, at patuloy na ipinatutupad ang Oplan Pacific Eagle-Philippines ng US (OPE-P).

Sa ilalim ng OPE-P, taon-taong nagpupulong ang mga opisyal ng militar ng US at Pilipinas upang talakayin ang plano para sa depensa, kooperasyon at pagsasanay. Sa basbas ng OPE-P, pumasok sa kasagsagan ng insidente sa Marawi ang may 900 tropa ng Joint Special Operation Task Force-Philippines ng US sa base ng AFP sa Zamboanga. Sa buong 2018, halos 300 tropang Amerikano – na may kasama pang 80 kontraktor - ang pumapakat sa *military operations* ng AFP.

Binubuhusan ng US ng pondong paniktik, surbeylans at pagrerekorida (*intelligence, surveillance, and reconnaissance or ISR*) ang OPE-P: US\$31 milyon mula Setyembre 2017-Marso 2018; US\$100.2 milyon sa buong 2018; at US\$108.2 milyon sa 2019.

Mayroon pang US\$3.7 milyon na suporta ng US Indo-Pacific Command para sa OPE-P, na kinabibilangan ng pondo para sa deployment, *airlift*, kinontratang suporta ng ISR, at mga pasilidad. Samantala, ang US Agency for International Development (USAID) ay mayroon ding alokasyon para sa rehabilitasyon ng Marawi: May tatlong taong Php1.35 bilyong Marawi Response Project ka-partner ang Plan International para sa *microgrant* at *training programs*. Bahagi raw ito ng Php3.2 bilyong (US\$59.1 milyon) komitment ng US sa gawaing *humanitarian* at rekoberi sa mismong Marawi at paligid nito.

Palatandaan din ng napapanatiling ugnayang-militar ang madalas na pagbisita o pakikipagkita ng mga susing opisyal-militar ng US sa mga opisyal ng bansa noong 2018 at sa unang bahagi ng taong kasalukuyan.

Nagmantine ng relatibong mataas na bilang ng naka-iskedyul na military exercises ang gobyernong Duterte sa US. Tataas pa ang bilang nito mula 261 noong 2018 tungong 281 sa 2019. Kabilang sa mga naka-iskedyul na exercise ngayong taon ang di bababa sa limang pangunahing joint exercise

tulad ng Salaknib at Balikatan na naisagawa na nitong unang semestre. Kinabibilangan ang mga ito ng libu-libong tropa ng US at Pilipinas.

Layunin ng mga aktibidad na magbigay ng mekanismo para sa direktang konsultasyon sa pagitan ng Pilipinas at US at para diumano mahasa at mapaunlad ang komon na depensa ng dalawang bansa.

Ipapagamit din sa mga tropa ng US ang di bababa sa limang base militar ng AFP kung saan ititindig ang mga bagong pasilidad sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Isa rito ang Cesar Basa Air Base sa Pampanga na itinayo at binuksan na. Kabilang sa iba pang base an Benito Ebuen Air Base sa Cebu, Antonio Bautista Air Base sa Palawan, Lumbia airport sa Cagayan de Oro, at Fort Magsaysay sa Nueva Ecija. Halos buong arkipelago ay ginawang base militar ng US.

Komprehensibo ang saklaw ng ayuda ng US sa Pilipinas, palatandaan ng intensyon ng US na pangalagaan ang relasyon sa Pilipinas. Mula US\$158.6 milyon noong 2016, tinatayang lalaki pa sa US\$159.3 milyon sa 2020 ang sosyo-ekonomiko, pangmilitar at panseguridad na ayuda ng US sa Pilipinas. Nasa ilalim ng sosyo-ekonomikong ayuda ang Global Health Programs, Development Assistance, at Economic Support and Development Fund. Nasa ilalim naman ng ayudang pang-militar at panseguridad ang Foreign Military Financing Program, International Military Education and Training, International Narcotics Control and Law Enforcement, at Non-Proliferation, Demining, and Anti-Terrorism Related.

Mahalagang tandaan na ang pangangalaga ng US sa relasyong militar at patuloy na pag-abot ng ayudang sosyo-ekonomiko sa Pilipinas ay nasa kumpas pa rin ng neoliberal na interes ng US na maigpawan ang sariling krisis pang-ekonomiya. Nagpapatuloy ang aktibong pagtulak nito ng makapal na listahan ng mga rekomendasyon para sa ekonomiya ng Pilipinas (nakatipon sa The Arangkada Philippines Project o TAPP), na noong 2016 ay 75 na sa mahigit 400 ang naipatupad. Sa pamamagitan ito ng The Arangkada Philippines Forum, isang taunang pagtitipon ng mga pampublikong opisyal at malalaking negosyante mula sa iba't ibang industriya para pag-usapan ang pagpapaunlad ng klimang pang-negosyo sa bansa. Ayon sa mga tagapagtaguyod nito, nasa ikalawang yugto na ang TAPP – kung saan

sa pamamagitan ng mga alyansa ng mga *foreign chambers* at mga grupong pangnegosyo ay maipatupad ang mga repormang pang-negosyo at pang-ekonomiya.

Hindi naiiba ang mga rekomendasyong ito sa mga napaka-pamilyar na programa at polisiya na ipinapatupad sa ngayon: halimbawa ang pagdagdag ng buwis ng TRAIN, ang pagtulak sa BBB kahit walang kakayahan ang ekonomiya na likhain ang mga sangkap nito, ang pagsasapribado ng mga serbisyo at gamit pampubliko, ang deregulasyon ng mahahalagang industriya, ang pagtuon ng pagpapaunlad ng sariling kakayahan sa pangangailangan ng pandaigdigang merkado.

Samantala, malalaking akomodasyon ang ibinibigay ng gobyernong Duterte sa China at walang katumbas na ganansya para sa Pilipinas. Naging tahimik at pabor lamang sa China ang administrasyong Duterte kaugnay ng mga panghihimasok at abuso ng huli sa West Philippine Sea.

Pagkatapos ng pagbangga at paglubog ng barkong Gem-Ver ng mga mangingisdang Pilipino ng barko ng China sa Recto Bank ay kubit-balikat ang gobyernong Duterte. Pumayag pa ito sa mga barko ng China na makapangisda at magsagawa ng iba pang aktibidad pang-ekonomiya sa karagatang saklaw ng Pilipinas. Inamin mismo ni Duterte na may berbal silang kasunduan ni Prime Minister Xi Jin Ping ng China na payagan ang China na makapangisda sa teritoryo ng Pilipinas. Sa kabilang banda, walang maipakitang patunay si Duterte na may pantay na pakinabang ang Pilipinas mula sa berbal na kasunduang iyon. Nagmimistulang walang ibang paliwanag dito kundi ang gobyernong Duterte ay posibleng nasuhulan nang malaki ng gobyerno ng China.

Ginagamit ng China ang pakikipag-maigehan ng gobyernong Duterte para makuha ang Pilipinas sa pagkasaklot ng US sa layuning masustine ang sarili nitong mala-imperyalistang momentum. Ginagawa ito ng China sa pamamagitan ng agresyong pang-ekonomiya, partikular sa pamamagitan ng Belt and Road Initiative (BRI) na itinutulak ng imprastruktura at kalakalan, at ng mga opensibang diplomatiko at proto-militar.

Hindi naman ganoon ka-interesado ang China na maging ganap na bahagi ng BRI ang Pilipinas. Nagkataon lamang na dadaanan ng BRI ang pinagtatalunang bahagi ng karagatan kung saan nasa sentro ang Pilipinas. Sa kabilang banda, tila hindi rin naman ganoon ka-interesado ang gobyernong Duterte sa BRI. Mukhang hindi naman absoluto o estratehiko ang pagpaling nito sa China. Ang malinaw, kailangan ng gobyernong Duterte ang China para panggalingan ng pinansya para sa programang imprastruktura para masalba pa sa tuluyang pagbagal ang ekonomiya. Pero mas mahalaga sa kampo ni Duterte – na siya na ngayong pinaka-madalas na bumiyahе pa-China sa lahat ng administrasyon – ay ang makakopo ng mga *kickback*, pabor sa negosyo, at iba pang posibleng mapagkukunan ng kita.

10 Saan maaasahan ang tunay na pagbabago?

Sunod-sunod ang mga pahayag mula sa iba't ibang hanay na dapat nang sampahan ng *impeachment case* si Duterte. Hindi kataka-taka ang tugon ni Duterte na ipapakulong ang sinumang gawin ito. Ang padron ng gobyerno ay ipagsangkalan ang batas at dahas habang lalong idinidiin ang kontra-mamamayan at maka-dayuhang pamamalakad nito.

Patong-patong ang pagkakasala ng gobyernong Duterte, lampas pa sa binabanggit na pagtataksil, paglabag sa Konstitusyon at pagsawalang-bahala sa tiwala ng publiko dahil sa pagpayag sa China. Pinatindi nito ang pagsasakatuparan ng mga patakarang neoliberal na nagpahirap sa mamamayan at lumikha ng awtokratikong makinarya para ipandurog sa lahat ng mga tumututol sa rehimeng Duterte. Lubhang mabibigat ang pagkakasala ni Duterte sa sambayanan.

Magiging signipikante ang resolusyon ng United Nations Human Rights Council (UNHRC) sa pag-imbetiga sa mga paglabag sa karapatang-pantao sa ilalim ng gera ng rehimeng Duterte kontra-droga. Papanagutin din siya ng International Criminal Court (ICC) dahil sa libo-libong pinaslang sa gyerang ito. Sa kabila ng sinasabing popularidad ni Duterte, tuloy-tuloy na lumalawak ang kritisismo at pagkundera sa kalapastanganan nito – dahil tuloy-tuloy din ang pagtindig, paglantad at paglaban dito ng mga organisadong grupo at kilusang masa.

Ang progresibong kilusan ay nasa unahan ng mga pakikibaka ng mga komunidad at batayang sektor sa buong bansa upang isulong ang kanilang demokratikong karapatan at kabuhayan. Lumalawak ang mga mobilisasyon, aksyong masa, bungkalan ng mga magsasaka, welga at protesta ng mga manggagawa, paggiit ng panlipunang serbisyo at pabahay ng mga maralitang lungsod, paglalantad ng mga guro sa kakapusan ng pampublikong edukasyon at pananawagan para sa kagalingan nila, hanggang sa tuloy-tuloy na pag-iingay ng kabataan para sa tunay na libre at makabuluhang edukasyon.

Marami ring nabuong bagong organisasyon bilang patunay na sa kabila ng panunupil ng rehimen ay lalo pang tumitibay ang pakikibaka ng taumbayan: ugnayan ng mga maka-kalikasan, kontra-tiranya, konsyumer, kamag-anak ng mga pinaslang sa gyera kontra-droga, kamag-anak ng mga bilanggong politikal, at marami pang iba. Ilang halimbawa lamang ang mga ito ng potensyal na pwersang nagsusulong ng mga maka-mamamayan at maka-bansang programang pang-ekonomiya at pang-gobyerno.

Ito ang pinaka-maaasahang pwersa na makikibaka hanggang sa tuluyang mabago ang kawalang-hustisya at kawalang-demokrasya. Binubuo nito ang pinakamalawak na mga pagkakaisa para igiit ang malawak na latag ng karapatang pangkabuhayan, sibil, demokratiko, at kultural. Tuly-tuloy nitong nililintang ang kolektibong kamalayan at kahandaan sa paggigiit ng maka-mamamayang patakarang pangkabuhayan, pampolitika at pambansang soberanya .